# UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA

## Community Health and Development Program


8/F Philippine General Hospital Complex, Taft Avenue, Manila 1000, Philippines
Tel: (632) 8526 8419 • Telefax: (632) 8521 0184 • Email: upm-oc@up.edu.ph


### IPE Case #5

Ang Barangay Pinangako ay matatagpuan sa Lungsod ng mga Bayani sa National Capital Region. Ang kalupaan ng buong barangay ay pinaghalong kapatagan at kabundukan. Maraming daanan papunta sa barangay na matatarik o paakyat pero mayroon ding mga daan na patag. Bukod sa mga nabanggit, mayroon ding mga ilog at sapa sa lugar lalo na sa mga lugar na malapit sa Marikina River. Ang barangay ay maaaring maapektuhan kung sakaling magkalindol dahil sa lapit nito sa Marikina Fault o West Valley Fault line. Nailalagay sa panganib ang mga taong nakatira banda rito dahil sa posibilidad na magkaroon ng trahedya kapag lumindol. Ang ibang lugar naman na malapit sa sapa na dumadaloy mula sa La Mesa Dam hanggang sa tabi ng Pinangako Road ay minsan binabaha.

Sakop ng barangay ang halos dalawampu't porsyento (20%) ng lupain ng Lungsod ng mga Bayani at aabot sa labinlimang porsyento (15%) ng buong populasyon ng lungsod ang nakatira rito. Ayon sa barangay profile, mayroong 267,300 katao ang nakatira sa barangay - 30,000 na sambahayan, at 68, 300 na pamilya. Ang karaniwang trabaho ng mga naninirahan rito ay laborer at marami sa kanila ay sinasabing nanggaling sa Visayas.

Ang nakuhang demograpiya ay base sa 2010 NSO. Mapapansin na magkalapit lamang ang bilang ng lalaki (n=59871; %=50.3) sa babae (n=59021; %=49.6). Ang bilang naman ng senior citizen ay 3907 o 3.3% ng populasyon samantalang ang bilang naman ng mga kabataang edad 18 pababa ay 52409 o 44.0% ng populasyon.




Demograpiya ng Barangay Payatas ayon sa Barangay Profile

Ang mga samahan sa ilalim ng Pamahalaang Barangay ang sumusunod: Barangay Lupon Tagapamayapa; Barangay Development Council; Barangay Council for the Protection of the Children; Bid and Award Committee; Barangay Council for Women; Barangay Literacy Coordinating Council; Barangay Peace and Order Council; Barangay Disaster and Risk Reduction Management; Barangay Payatas Tourism, Art and Culture; Gender and Development; Barangay Anti-Drug Abuse Council; Barangay Nutrition Council; Barangay Physical Fitness and Sport Development Council; Barangay Ecological Solid Waste Management Council; at Barangay TB management Council.

Maliban sa mga institusyong pampamahalaan, mayroon ding mga samahang nabuo sa barangay. Kabilang na dito ang Pangako Poverty Alleviation Foundation na naglalayong mairaos sa kahirapan ang barangay sa pamamagitan ng pagbibigay ng pangmatagalang solusyon sa mga posibleng salik ng kahirapan.

Kasama rin sa mga yamang tao ng barangay ang mga empleyadong nangunguna upang mapangalaagaan ang kalusugan ng mga mamamayan ng komunidad. Sa kabuuang bilang, mayroong tatlong (3) doktor, dalawang (2) dentista, isang (1) tumutulong sa dentista, tatlong (3) nars, labinlimang (15) Barangay Nutrition Scholar (BNS), anim (6) na midwife, tatlong (3) laboratory aid, at dalawang (2) microscopy aid.

Ang barangay ay binubuo ng labintatlong (13) purok. Mayroong tatlong (3) health center sa barangay - Pangako A Health Center, Pangako B Health Center at Pangako C Health Center. Mayroong siyam (9) na subdivision sa barangay. Mayroong anim (6) na pampublikong paaralan, dalawampu't tatlong (23) pampribadong paaralan, apat (4) na barangay day care center, at labing-apat (14) na yakap day care center sa barangay. Mayroong tatlumpung (30) simbahang Katoliko, dalawang (2) Iglesia ni Cristo, at dalawampung (20) simbahang Born Again Christian.

Makakakita rin ang maraming basketball court sa barangay, kung saan ginaganap ang mga programa ng lokal na pamahalaan, sportsfest, fiesta, mga pagdiriwang at kung anu-ano pa. Mayroon ring silid-aklatan sa main hall ng barangay. Mayroon din silang mga amenidades gaya ng mga istasyon ng bumbero, poste para sa mga BPSO, trak ng mga bumbero, ambulansya at mga utility service vehicles na nagagamit para sa mga mahahalagang gawain.

Ang pagpapangkat gamit ang SES ay iniayon batay sa ilang mga kwalipikasyon na ang halimbawa ay bilang ng kagamitan sa bahay, materyales ng bahay, edukasyon ng haligi ng tahanan, at iba pa.

| Klasipikasyon ng SES | Bilang ng sambahayan | Porsyento (%) |
|---|---|---|
| **AB** | 16 | 3 |
| **C** | 396 | 78 |
| **D** | 55 | 11 |
| **E** | 43 | 8 |

Ang hanay at bilang ng kita ng mga miyembro sambahayan sa loob ng isang buwan at pati ang uri ng pagkaka empleyo ng mga may trabaho ay and sumusunod:

# UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES MANILA
## Community Health and Development Program
8/F Philippine General Hospital Complex, Taft Avenue, Manila 1000, Philippines
Tel: (632) 8526 8419 • Telefax: (632) 8521 0184 • Email: upm-oc@up.edu.ph


| Kita kada buwan (n=1491 indibidwal) | | |
|---|---|---|
| **Kita** | **Bilang** | **Porsyento (%)** |
| **Walang Kita** | 344 | 24 |
| **0-2000** | 347 | 24 |
| **>2000-4000** | 137 | 10 |
| **>4000-6000** | 101 | 7 |
| **>6000-8000** | 70 | 5 |
| **>8000-10000** | 144 | 10 |
| **>10000-12000** | 83 | 6 |
| **>12000-14000** | 53 | 4 |
| **>14000-16000** | 39 | 3 |
| **>16000-18000** | 27 | 2 |
| **>18000** | 74 | 5 |

| Uri ng Pagkakaempleyo (n=867 indibidwal) | | |
|---|---|---|
| | **Bilang** | **Porsyento (%)** |
| **Regular** | 360 | 42 |
| **Part-Time** | 90 | 10 |
| **Contractual** | 147 | 17 |
| **Consultative o Project-based** | 29 | 3 |
| **Self-employed** | 207 | 24 |

| Hanapbuhay | Bilang | Porsyento (%) |
|---|---|---|
| **Unemployed** | 612 | 41 |
| **Elementary Occupation: Laborers and Unskilled Workers** | 435 | 29 |
| **Service Workers and shop and market sales workers** | 175 | 12 |
| **Special Occupations** | 50 | 3 |
| **Professionals** | 51 | 3 |
| **Craft and Related Trade Workers** | 54 | 3 |
| **Clerks** | 26 | 2 |
| **Plant and Machine Operators and Assemblers** | 27 | 2 |
| **Technicians and Associate Professionals** | 36 | 2 |
| **Officials of Government and Special Interest Organizations, Corporate Executives, Managers** | 12 | 1 |
| **Farmers, Forestry Workers, and Fishermen** | 13 | 1 |

Ang sumusunod ay mga impormasyon ukol sa kalusugan at nutrisyon:

Mga karaniwang sakit sa sambahayan:

| Ranking | Sakit | Bilang ng sambahayan | Porsyento (%) | Sakit sa loob ng 30 araw | Bilang ng sambahayan | Porsyento (%) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **1** | **Altapresyon** | 281 | 55 | **Ubo, sipon, lagnat** | 382 | 75 |
| **2** | **Diabetes** | 157 | 31 | **Altapresyon** | 51 | 10 |
| **3** | **Stroke** | 105 | 21 | **Iba pa** | 32 | 6 |
| **4** | **Heart attack** | 101 | 20 | **Diabetes** | 22 | 4 |
| **5** | **Pneumonia** | 94 | 18 | **Pneumonia** | 21 | 4 |
| **6** | **Tuberculosis** | 93 | 18 | **Sakit sa bato** | 17 | 3 |
| **7** | **Sakit sa bato** | 93 | 18 | **Tuberculosis** | 10 | 2 |
| **8** | **Iba pa (i.e. asthma)** | 75 | 15 | **Stroke** | 8 | 2 |
| **9** | **Cancer** | 74 | 15 | **Heart attack** | 4 | 1 |
| | | | | **Cancer** | 3 | 1 |

**8/F Philippine General Hospital Complex, Taft Avenue, Manila 1000, Philippines**
**Tel: (632) 8526 8419 • Telefax: (632) 8521 0184 • Email: upm-oc@up.edu.ph**


Mga kaugaliang tuwing may sakit:

| Ranking | Kaugalian Tuwing May Sakit | Bilang ng sambahayan | Posyen-to (%) | Kaugalian Upang Makaiwas sa Sakit | Bilang ng samabahayan | Porsyen-to (%) |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | Pumupunta sa health center | 356 | 70 | Kumakain ng prutas at gulay | 320 | 63 |
| 2 | Bumibili ng gamot na walang reseta | 301 | 59 | Kumakain ng pagkaing mataas sa protina | 239 | 47 |
| 3 | Nagpapahinga | 180 | 35 | Umiinom ng vitamin/ food supplement | 233 | 46 |
| 4 | Umiinom ng maraming tubig | 169 | 33 | Umiinom ng maraming tubig | 225 | 44 |
| 5 | Pumupunta sa hilot/albularyo, etc. | 156 | 31 | Umiiwas sa matatabang pagkain | 211 | 41 |
| 6 | Pumupunta sa pampublikong ospital | 134 | 26 | Umiiwas sa mataas na konsumo ng asin at maaalat na pagkain | 187 | 37 |
| 7 | Kumakain ng partikular na pagkain | 126 | 25 | Umiinom ng gatas | 175 | 34 |
| 8 | Pumupunta sa pribadong ospital | 122 | 24 | Umiiwas sa sobrang pag-inom ng alak | 169 | 33 |
| 9 | Iba pa | 61 | 12 | Iba pa | 163 | 32 |
| 10 | Kumukonsulta sa kamag-anak | 56 | 11 | Umiiwas sa paninigarilyo | 148 | 29 |
| 11 | Walang ginagawa | 21 | 4 | Natutulog ng sapat na oras | 137 | 27 |
| | | | | Nag-eehersisyo | 133 | 26 |
| | | | | Umiiwas sa matatamis na pagkain | 80 | 16 |
| | | | | Wala | 26 | 5 |

Kaalaman at kaugalian sa mga progamang pangkalusugan:

| Programa | Alam | | Sumali | | Di alam | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang ng sambahayan | Porsyento (%) | Bilang ng sambahayan | Porsyento (%) | Bilang ng sambahayan | Porsyento (%) |
| **Pantawid Pamilyang Pilipino Program** | 378 | 74 | 100 | 20 | 32 | 6 |
| **Sangkap Pinoy Seal** | 301 | 59 | *n/a* | *n/a* | 209 | 41 |
| ***School Feeding Program*** | 433 | 85 | 161 | 32 | 77 | 15 |
| ***Supplementary Feeding*** | 312 | 61 | 107 | 21 | 198 | 39 |
| ***Newborn Screening*** | 446 | 87 | 253 | 50 | 64 | 13 |
| ***Home Food Production Program*** | 206 | 40 | 65 | 13 | 304 | 60 |
| ***Deworming Program*** | 465 | 91 | 346 | 68 | 45 | 9 |
| **Operation Timbang** | 407 | 80 | 289 | 57 | 103 | 20 |
| **Garantisadong Pambata** | 304 | 60 | 227 | 45 | 206 | 40 |
| ***Vaccination*** | 493 | 97 | 439 | 86 | 17 | 3 |

Kalagayang pangnutrisyon ayon sa edad:

| | Infant (n=142) | | Preschool (n=205) | | School-age (284) | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) |
| ***Severely Underweight*** | 5 | 4 | 9 | 4 | 13 | 5 |
| ***Underweight*** | 9 | 6 | 29 | 14 | 49 | 17 |
| ***Possibly overweight*** | 6 | 4 | 9 | 4 | 20 | 7 |
| ***Overweight*** | 7 | 5 | 5 | 2 | 8 | 3 |
| ***Obese*** | 6 | 4 | 3 | 2 | 7 | 3 |

| | Infant (n=142) | | Preschool (n=205) | | School-age (n=284) | | Adolescent (n=403) | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) |
| ***Severely stunted*** | 14 | 10 | 15 | 7 | 18 | 6 | 34 | 8 |
| ***Stunted*** | 32 | 23 | 88 | 43 | 113 | 40 | 213 | 53 |
| ***Normal*** | 66 | 47 | 84 | 41 | 141 | 50 | 141 | 40 |
| ***Tall*** | 10 | 7 | 8 | 4 | 6 | 2 | 4 | 1 |

| | Infant (n=142) | | Preschool (n=205) | | School-age (n=284) | | Adolescent (n=403) | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang ng mga kabataan | Porsyento (%) | Bilang mga kabataan | Porsyento (%) |
| ***Severely wasted*** | 6 | 4 | 10 | 5 | 15 | 5 | 23 | 6 |
| ***Wasted*** | 7 | 5 | 15 | 7 | 18 | 6 | 44 | 11 |
| ***Possibly Overweight*** | 6 | 4 | 9 | 4 | 20 | 7 | 36 | 9 |
| ***Overweight*** | 7 | 5 | 5 | 2 | 8 | 3 | 10 | 3 |
| ***Obese*** | 6 | 4 | 3 | 2 | 7 | 3 | 4 | 1 |

| Klaspikasyon | Bilang ng mga matatanda | Porsyento (%) |
|---|---|---|
| ***Underweight*** | 100 | 10 |
| ***Normal*** | 358 | 35 |
| ***Overweight*** | 156 | 15 |
| ***Pre-obese*** | 267 | 26 |
| ***Obese I*** | 93 | 9 |
| ***Obese II*** | 20 | 2 |
| ***Obese III*** | 13 | 1 |

Nang nagsimula ang CoVid-19 pandemic, nagsimula ang mga localized lockdown kung saan nahirapan ang maraming mga sambahayan sa akses sa masustansyang pagkain. Pili ang mga nakakalabas bawat purok at sambahayan. Marami ang nawalang ng trabaho sa paghinto ng mga construction work sa lungsod. Nagpadala and barangay and lungsod ng mga ayuda sa mga purok na may strict lockdown ngunit ang mga pagkain na pinamimigay ay ang sumusunod: 2 kg bigas, 5 instant noodles/mami, 5 delata (sardinas, tuna, corned beef, luncheon meat, mackarel). May mga lokal na organisasyon at ilang indibidwal na nagsimula ng mga community pantry sa mga lugar na may localized lockdowns.

Dahil din sa lockdowns, sinimulan ng health center ang mga tele-health at tele-medicine projects kung saan ginagamit nila ang SMS, social media, pagtatawag, at iba pang paraan pang komunikasyon upang mapagpatuloy ang pagbibigay ng serbisyong pangkalusugan habang nililimitahan ang pagpunta ng mga residente sa mga health center.

Ang mga BNS, BHW, at iba pang community health workers ay mas nag babahay-bahay upang makapagbigay ng mga gamot pang-maintenance, basic health education and counselling, pag-BP, pagkuha ng blood sugar, pagtimbang ng mga bata, at pag-uudyok sa mga tao na magpabakuna.

1) Describe the general steps in formulating the program/project plan.
2) Identify three (3) priority program/project objectives.
3) Identify three (3) important stakeholders you will engage in the program/project and their roles/tasks.

---


**COPYRIGHT NOTICE**

This material has been reproduced and communicated to you by or on behalf of University of the Philippines pursuant to PART IV: The Law on Copyright of Republic Act (RA) 8293 or the "Intellectual Property Code of the Philippines".

The University does not authorize you to reproduce or communicate this material. The Material may contain works that are subject to copyright protection under RA 8293. Any reproduction and/or communication of the material by you may be subject to copyright infringement and the copyright owners have the right to take legal action against such infringement.

Do not remove this notice.